## Ang Paggawa ng Iyong Desisyon:

Bago ka magdesisyon, maigi ang makipag-usap sa ibang mga magulang na nakakaalam sa programa ng caregiver o child care. Maaari mo silang tanungin tungkol sa mga parehong bagay na hinanap mo nang binisita mo ang caregiver.

Asahang pumirma ng isang sulat na naglalarawan sa mga detalye ng pagsasaayos para sa child care. Kung walang sulat, humingi ng isa. Kailangan mo at ng caregiver magkasamang basahin ito nang maingat. Oras na nagawa mo na ang iyong desisyon, kailangan mo at ng caregiver pirmahan ang sulat.

## Dahan-dahang Pagsimula:

Maigi ang hayaang papuntahin muna ang mga bata para sa maiikling panahon sa simula. Ang “dahan-dahang pagsimula” ay makakatulong sa iyong anak na maging komportable. Kausapin ang caregiver tungkol sa dahan-dahang pagsimula. Magtakda ng mga oras na maigi para sa iyong pamilya, iyong anak, iyong iskedyul, at programa ng child care.



## Ang Iyong Relasyon sa Caregiver:

Mahalaga para sa iyo ang magkasunduan kayo ng iyong caregiver. Maglaan ng panahon araw-araw upang kausapin ang caregiver. Ipaalam sa kanya na minamahalaga mo ang pangangalaga niya sa iyong anak. Pag-usapan ang anumang iyong mga inaalala tungkol sa pangangalaga o kilos ng iyong anak.

## Para sa Karagdagang Impormasyon:

Mayroong mga tao sa iyong komunidad na makakausap mo tungkol sa child care. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Child Care Resource and Referral Program (CCRR) sa iyong lugar sa 1-888-338-6622 o sa www.ccrr.bc.ca.

Kung mayroon kang mga seryosong alalahanin tungkol sa isang programa ng caregiver o child care, tawagan ang opisina na nagbibigay ng lisensiya sa iyong lugar.

ccrr
Child Care Resource & Referral

***Ang polyeto na ito ay makukuha sa:***
Arabic, Intsik, Ingles, Farsi, Pranses, Hindi, Hapon, Korean, Punjabi, Serbo-Croatian, Espanyol, Tagalog at Vietnamese

Choosing Child Care [Filipino] July 2010



# ANG PAGPILI NG CHILD CARE

Ginawa ng
Westcoast Child Care Resource Centre
2772 East Broadway
Vancouver, BC V5M 1Y8
604.709.5661 1.877.262.0022
www.wstcoast.org

Pinondohan ng
Probinsiya ng British Columbia

Siguradong gusto mong kumuha ng mahusay na child care para sa iyong anak. Minsan ay mahirap humanap ng child care na nagugustuhan mo. Eto ang ilang mga maaaring makatulong sa iyo sa paggawa mo ng iyong desisyon.

## Ang isang Mahusay na Programa ng Child Care Ay:

- may malinis at ligtas na lugar
- may mga mababait na caregiver
- may lugar para makapaglaro ang mga bata sa loob at labas
- may pagkaing mabuti sa kalusugan
- may maraming laro at aktibidad upang matuto
- may araw-araw na rutina

Ang child care ay maaaring ibigay sa iyong bahay, sa bahay ng iba, o sa isang sentro. Ang mahusay na child care ay tumutupad sa pangangailangan ng iyong anak at ng iyong pamilya. Maglaan ng panahon upang bumisita sa maraming mga programa ng child care at upang makipagkita sa iba't-ibang mga caregiver. Matutulungan ka nito na malaman kung ano ang pinakamaigi para sa iyo at sa iyong anak.

## Bago Maghanap ng Child Care, Pag-isipan ang sumusunod:

- Mga oras at mga araw na kailangan mo ng pangangalaga
- Edad at karanasan ng iyong anak
- Kung magkano ang kaya mong ibayad
- Kung gusto mo ng child care sa iyong bahay, o malapit sa iyong bahay, trabaho, o eskwelahan

## Kumuha ng Impormasyon:

Kunin ang lahat ng impormasyon na makukuha tungkol sa child care.
Maaari mong:

- Tawagan ang iyong health department
- Tawagan ang Child Care Resource at Referral Program
- Tingnan ang dyaryo
- Basahin ang mga bulletin board sa iyong community centre, bahay sa kapitbahayan o lugar para sa pamilya
- Magtanong sa eskwelahan na pinakamalapit sa iyo
- Kausapin ang mga kapitbahay, mga kaibigan, mga kamag-anak, at mga tao sa trabaho

## Kausapin ang mga Caregiver:

Eto ang ilang mga katanungan na maaari mong tanungin:

- May lugar ba para sa iyong anak?
- Lisensyado ba ang programa?
- Rehistrado ba ang caregiver?
- Ano ang karanasan at training ng caregiver sa child care?
- Magkano ito?

Maaari kang tumawag upang tanungin ang mga ito at marami pang iba! Paminsan-minsan, maaaring busy ang mga caregiver sa mga bata at maaaring gusto ka nilang tawagan. Mag-asikasong bumisita, kung gusto mo.

Maigi ang bumisita nang ilang beses upang malaman ang programa.

## Kapag Bumisita Ka:

### Tumingin-tingin

- Ligtas at malinis ba ang lugar?
- Marami bang mga laruan at mga aktibidad?
- Komportable ka ba na naroroon ang iyong anak?

### Pagmasdan ang caregiver kasama ng mga Bata

- Natutuwa ba sila kapag magkasama sila?
- Komportable ka ba sa pakikipag-usap niya sa mga bata?
- Nagplano ba siya ng mga aktibidad para sa araw?

### Tingnan ang ibang mga bata

- Nasisiyahan ba sila sa kanilang mga aktibidad at sa isa't-isa?
- Maaari ba nilang piliin ang kanilang mga sariling aktibidad?
- Madali ba silang lumalapit sa caregiver upang makipag-usap at humingi ng tulong?

### Talakayin ang programa at magtanong tungkol sa:

- Polisiya tungkol sa Pagkakaroon ng Sakit
- Polisiya ng Disiplina
- Mga bakasyon
- Field trips
- Mga bisita
- Ibang mga katanungan mo